# Balitang Manmin

BILANG 104 MARSO 16, 2014


# Ang Sikreto sa Pagiging Espirituwal: Basahin ang Biblia!

## Damang-dama ng mga miyembro ng Manmin ang pag-ibig ng Diyos na nakasulat sa Biblia, lalo silang nagiging masigasig



Sa kasalukuyan, marami nang Cristiano ang hindi nagbabasa ng Biblia, may ilan ding nagsasabi na kathang isip lang ang mga nakasulat dito. Gayon pa man, ang Biblia ay Salita ng ating buhay na Diyos.

Sa Manmin Central Church, hindi mahirap humanap ng mga taong nagbabasa ng Biblia dahil ang buong iglesya ay maalab sa pagbabasa nito. Paulit-ulit na sinasabihan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga miyembro na magsaulo ng isang talata at magbasa ng isang kabanata bawat araw. Bago magsimula ang taong 2014, hinimok niya ang lahat na basahin ang lahat ng aklat ng Biblia para sa paglago ng kanilang espiritu. Itinuro na rin niya kung paano ang detalyadong pagbabasa nito.

Iminungkahi niyang basahin ito ng malakas mula sa Bagong Tipan, dahil mas pamilyar ito sa kanila, isulat ang mga utos ng Diyos tulad ng 'Gawin', 'Huwag gawin', 'Iwaksi', at 'Tandaan'. Isulat din ang mga bagay na hindi pa nila sinusunod, ipanalangin ang mga isinulat nila, at lagyan ng ekis kapag nasunod na nila ito.

Binigyang diin ulit niya ang kahalagahan ng pagbabasa ng Biblia sa Pananalangin at Pagsamba ng bawat Distrito, at mga Distrito sa ilalim nito, at sa mga lider ng maliliit na grupo noong Pebrero 2, 2014. Ang dahilan nito ay sapagkat ito ay madaling paraan para suriin ang pananampalataya at para maging espirituwal. Ito ay kalooban ng Diyos.

Lahat ng mga miyembro, mula sa mga bata hanggang sa matatanda, ay masaya sa pagpapala at emosyon na ibinibigay sa kanila ng Biblia. Habang binabasa nila ang Biblia, isinusulat nila ang mga hindi pa nila iwinawaksi o sinusunod. Pagkatapos, idinadalangin nilang sundin nawa nila ang Salita. Nagbabasa sila sa gabi, madaling araw, o habang nagpapahinga. Tuwing may pagkakataon, binabasa nila ang Biblia. Pinapalago nito ang pagmamahal nila sa Panginoon.

Sinabi ni Diakono Sangcheol Lee, 49 taong gulang, 2-5 misyon para sa mga kalalakihan, "Binabasa ko nang malakas at malinaw ang Biblia tuwing may libreng oras ako at bago ako matulog. Dahil nakatuon ako sa binabasa ko, ibang klaseng pagpapala ang tinatanggap ko kaysa dati. Naaalala ko ang mga tagpo sa Biblia, nasa puso ko na ang mga ito."

Ito naman ang sinabi ni Diakonesa Aeja Kim, 50 taong gulang, 3-1 misyon para sa mga kababaihan, "Nadama ko ang pagmamahal ng Panginoon at ng pastol habang binabasa ko ang Bagong Tipan. Hindi ako kumportable sa pagbabasa ko ng Lumang Tipan, lalo na kapag naka-upo ako. Binabasa ko na ito ngayon habang nakaluhod. Masaya ako dahil nakikita kong tumatanggap ako ng pagpapala at kalakasan."

Taimtim din ang pananalangin ng mga miyembro ng iglesya sa pulong-panalanging Daniel na idinadaos bawat gabi tuwing ika-9:00. Gaya ng sinasabi sa 1 Kay Timoteo 4:5, "Sapagkat ito ay pinababanal sa pamamagitan ng salita ng Diyos at ng panalangin." Tumatakbo sila ng masigasig para lumago ang pananampalataya nila.

Isang sulat mula sa ibang bansa



## "Ang Salita ng Buhay sa GCN ay handog ng Diyos para sa akin"

Pastor Nancy Sharpe Blizzard
(Hope for Heaven Church, Estados Unidos)

Naghanap ako ng istasyon para sa mga Cristiano pagkatapos makabitan ng antena ang tv ko. Napunta ako sa GCN. Pinanood ko ang 'The Word of Life' (Ang Salita ng Buhay) ni Dr. Jaerock Lee. Nadama ko ang pagpapala ng Diyos, hindi ko pa ito naranasan noon. Natitiyak kong biyaya ng Diyos ang istasyong ito.

Pagkatapos, binasa ko ang mga libro ni Dr. Lee na *Langit I & II*, naantig ang damdamin ko ng mga librong ito. Namangha ako sa detalyadong pagsasalarawan ng Langit na may mga tirahan at iba't ibang antas ng gantimpala. Naisip ko na dapat kong gawin ang tungkulin ko ng mas masigasig para maipon ang mga gantimpala ko sa Langit.

Nagmiministeryo ako sa Hope for Heaven Church sa Hollywood, Los Angeles, California. Noong Enero 12, 2014, nagdaos kami ng pulong para muling pasiglahin ang iglesya at mayroon ding panyong nagpapagaling, si Pastor Hangyeol Kim ang naging tagapagsalita. Nagmiministeryo siya sa Manmin Mission Center sa California. Idinalangin kami ni Pastor Kim gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Gumaling ang sakit ko sa likod na sanhi ng aksidente, at nawala ang depresyon ni Kap. Natasha. Higit pa riyan, nagbukas ang puso ng mga miyembro, nagsisi sila. Malaki na ang pagbabago nila, tumatakbo na sila ng masigasig. Hallelujah!

Sa kasalukuyan, binabasa ko ang mga libro ni Dr. Lee, tumatanggap ako ng maraming pagpapala. Puspos ang espiritu ko magmula noong nakilala ko ang tunay na pastol na nagdadala ng salita ng buhay. Ang lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos.

# Ang Karunungang Banayad

"Ngunit ang karunungang buhat sa itaas, una'y malinis, saka mapagpayapa, banayad, mapagbigay, puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang pagtatangi, walang pagkukunwari" (Santiago 3:17).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Kung iwawaksi natin ang mga makasariling pagnanasa at kikilos tayo ayon sa Salita ng Diyos, na mismong katotohanan, tatanggapin natin ang karunungang mula sa langit, mapapanatag ang espiritu natin. Madali nating makikilala kung ano ang tama, at hindi na mahirap magpakita ng kabutihan sa ibang tao. Kung sa ngayon ay nagdudusa tayo sa kawalan, naniniwala tayo na papalitan ito ng Diyos ng mas malaking biyaya. Pero kahit hindi, mas masaya pa rin tayo sa pagsasagawa ng katotohanan.

Tatanggap ng mga biyaya ang mga taong gumagawa ng mga bagay na nakakalugod sa Diyos. Maliwanag nilang nakikita ang daan ng katotohanan at makakapagbigay sila ng mga sagot sa mga problema ng ibang tao. Ito ang bunga na nakakamit sa pamamagitan ng karunungang banayad. Ano ang dapat nating gawin para magkaroon ng karunungang banayad?

## 1. Ang espirituwal na kahulugan ng banayad

Ang karaniwang kahulugan ng 'banayad' ay 'maging maalalahanin o mapagbigay; mabait at mapagmahal.' Kapag ang isang tao ay may masaganang katotohanan sa puso niya at nagkaroon siya ng kalayaan dahil sa katotohanang ito, pwede niyang ibigay ang lahat. Ito ang espirituwal na kahulugan ng 'banayad'.

Hindi lang ang mga materyal na bagay ang pwedeng ibigay ng mga taong ito, magbibigay din sila ng oras, lakas, interes, paglilingkod, kahit pati ang buhay niya. Para ibigay ng lubos ang buhay niya, dapat mapuspos ng katotohanan ang kalooban ng taong ito, walang pagkamakasarili. Si Jesus ang pinakakarapat-dapat na halimbawa ng pagbibigay ng lahat ng bagay, may kaloobang sagana sa katotohanan. Siya ay Anak ng Diyos, walang bahid ng kasalanan. Nabuhay Siya ayon sa kalooban ng Diyos at inialay ang lahat.

Ipinangaral Niya ang ebanghelyo ng kaharian ng langit at nagpagaling ng mga may sakit, kahit hindi pa kumain o nagpahinga. Naglingkod Siya ng lubos at lumuha, hanggang ibigay pati ang buhay Niya para sa mga kaluluwa. Ipinako Siya sa krus para iligtas ang mga makasalanan na nakatakdang mapunta sa walang hanggang kamatayan. Dahil sa ginawa Niya, nailigtas Niya ang hindi mabilang na mga kaluluwa, ginabayan Niya sila patungo sa kaharian ng langit.

Anong dapat nating gawin ngayong batid na natin ang mga ginawa ni Jesus? Handa ba nating tanggapin at pasanin ang kapahamakan ng ibang tao? Kaya ba nating ibigay ang lahat? Kung uunahin natin ang sariling pakinabang, ang mga sariling kagustuhan, mga sariling kapurihan, opinyon, at marami pang iba, hindi tayo handang ibigay ang ating 'sarili'.

## 2. Ang mga biyayang tatanggapin kung may karunungang banayad

Sa mundong ito, sinasabing hindi dapat ibigay ang mga pag-aari sa ibang tao. Kung magbibigay kayo sa ibang tao, hihingi pa sila ng mas malaki. Iniisip nila na mas mabuti pa kung itatago na lang nila kung anong mayroon sila. Para sa kanila karunungan ito. Pero sinasabi ng Ang Mga Gawa 20:35, "Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap."

Kapag nagbigay at nagbahagi tayo sa pangalan ng Panginoon, tatanggap tayo ng mas malalaking biyaya mula sa Diyos. Ito ang tunay na karunungan. Kapag magbibigay tayo nang higit pa sa inaasahan, at tapat na maglilingkod sa ibang tao, walang mawawala sa atin. Mapapalapit ang kalooban ng mga tao sa atin, mas malaki ang pakinabang natin dito. Ito ang bunga ng karunungang banayad.

Hanggang sila'y makasarili, may galit, at sakim, hindi sila makakapagpakita ng pagiging banayad. Ito ang dahilan kung bakit ang kahulugan ng banayad ay hindi lang isuko ang lahat ng bagay. Dapat mayroon muna itong kabutihan ng kalooban, at dahil sa kabutihang ito magagawang isuko ng taong ito ang lahat ng bagay.

Sa Genesis 13, nang tumanggap si Abraham at si Lot ng mga biyaya mula sa Diyos, at dumami ang mga alaga nilang hayop, nag-away away ang mga pastol nila dahil naging limitado na ang pinagkukunan nila ng pagkain at tubig. Kaya sa Genesis 13:9, sinabi ni Abraham kay Lot, "Humiwalay ka sa akin. Kapag kinuha mo ang nasa kaliwa, ako ay pupunta sa kanan; o kapag kinuha mo ang nasa kanan, ako ay pupunta sa kaliwa."

Pagkatapos, dahil gusto niyang makinabang, pinili ni Lot ang mas magandang lupain na may sapat na tubig. Noong narinig ni Lot na nag-aaway ang mga lingkod, sana'y pinagsabihan niya ang mga ito para hindi na makarating ang balitang ito sa tiyuhin niyang si Abraham. Pero hindi nagalit si Abraham kay Lot. Kahit ng umalis si Lot ng hindi batid ang pagpapalang tinanggap niya mula kay Abraham, naging napakabanayad ng puso niya. Isusuko niya ang lahat o higit pa kung hihilingin ito ng iba.

Pero walang nawala kay Abraham kahit pumayag siya sa kagustuhan ni Lot. Sa halip, tumanggap siya ng mas malaking biyaya kaysa sa ibinigay niya. Dahil nagpakita ng kabutihan si Abraham, ipinangako sa kanya ng Diyos na ibibigay sa kanya ang lahat ng lupain sa hilaga, timog, silangan, at kanluran at bibigyan din siya ng hindi mabilang na inapo. Dahil umaapaw ang pagka-banayad at kabutihan ni Abraham, hinigitan pa nito ang hiningi sa kanya, tumanggap siya ng malaking pagpapala mula sa Diyos.

## 3. Katotohanang nagpapalaya mula sa pagiging banayad

Sinasabi sa Juan 8:32, "...at inyong malalaman ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo." Parang nakagapos ang pakiramdam ng mga hindi nabubuhay sa katotohanan. Pero para sa mga taong batid ang katotohanan at kumikilos ayon dito, malaya ang pakiramdam nila.

Halimbawa, matatakot kayo kapag nakakita kayo ng pulis kung gumawa kayo ng krimen at tumatakas sa batas. Pero hindi matatakot sa pulis ang walang kasalanan at sumusunod sa batas. Sa halip, mas ligtas ang pakiramdam nila kapag mayroong pulis. Batid ng mga nabubuhay sa katotohanan na ang Batas ng Diyos ay pag-ibig ng Diyos, ito ang tulay ng mga biyaya. Hindi sila takot dito.

Halimbawa, kung wala kayong pananampalataya para lubos na panatilihing banal ang Araw ng Sabbath, parang nasasakal kayo kapag sinasabi sa inyong huwag magnegosyo o makibahagi sa makamundong kasiyahan sa araw na ito. Pero ang mga sumusunod dito sa kaibuturan ng puso nila ay batid at kinikilala ang espirituwal na kadakilaan ng Diyos, kaya mayroon silang kapayapaan at tumatanggap sila ng mga biyaya. Damang-dama natin ang katotohanan at nabubuhay tayo ayon sa katotohanan.

Isa pang halimbawa, kung iwawaksi natin ang galit, magiging masaya tayo, wala tayong pasanin. Pinapalaya tayo ng katotohanan mula sa kasalanan. Kung puno ng katotohanan ang puso natin, pwede nating ibahagi ang kalayaan sa ibang tao. Huwag nating husgahan o hatulan ang ibang tao dahil hindi sila nabubuhay ayon sa katotohanan, sa halip, palakasin natin ang loob nila para mabuhay sila ayon sa katotohanan.

Ang 'mapuspos ng katotohanan ang puso' ay hindi lang pagkakabatid kung ano ang katotohanan ayon sa sariling kaalaman. Sa huling bahagi ng 1 Mga Taga-Corinto 8:1 sinasabi, "...ang kaalaman ay nagpapalaki ng ulo, ngunit ang pag-ibig ay nagpapatibay." Kung kaalaman lang ang pagkakabatid natin tungkol sa katotohanan, ibig sabihin, kaunti lang ang nalalaman natin pero mayabang na tayo, akala natin batid na natin ang lahat ng bagay. Halimbawa, kapag mababaw ang pagkaintindi ng isang tao tungkol sa katotohanan, mabilis silang manghusga at manghatol ng ibang tao. Iisipin nilang nagpapaimportante ang isang taong pinagsisilbihan. Pero hindi nila nakikita na sila rin mismo ay lumalabag sa katotohanan na nagsasabi sa ating huwag manghusga o manghatol sa kahit na sinong kapatid.

Sa kabilang banda, isasaalangalang ng mga nakakabatid ng katotohanan mula sa puso ang sukat ng pananampalataya ng taong iyon. Nakikilala nila kung anong tama at mali sa pamamagitan ng Salita. Pero kahit may makita pa silang kasamaan sa ibang tao, tatanggapin pa rin nila ang mga taong ito, tatakpan nila ng pag-ibig ang mga pagkukulang ng mga ito. Dahil nahabag sa kanila ang Diyos kahit marami silang pagkukulang, mahahabag din sila sa ibang tao.

Ang mga banayad ang kalooban ay hindi nananakit ng damdamin ng ibang tao. Kahit gumagawa ng masama ang ibang tao, hindi sila nanghuhusga, nanghahatol, o nagmamalupit. Sa halip, gagabayan nila ang mga ito patungo sa katotohanan dahil para sa kanila, mahalagang mga kaluluwa ito. Kapag ganito ang kalooban ninyo, magkakaroon kayo ng karunungang dalhin ang ibang tao sa buhay na walang hanggan. Ito ang karunungang banayad.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kapag puspos tayo ng katotohanan at pagiging banayad, mapupuno tayo ng masaganang pag-ibig ng Diyos. Hindi tayo magkakait ng ano mang bagay, ni hindi tayo magseselos o maiinggit kung sumasagana ang ibang tao. Tutulungan natin ang ibang tao na mapabuti. Ibabahagi natin kung anong mayroon tayo para mas lumigaya sila.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na makamit nawa ninyo ang karunungang banayad, mabatid nawa ninyo na mas may pagpapala ang nagbibigay kaysa tumatanggap, at nawa ay tamasahin ninyo ang pagpapalaya ng katotohanan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Anong klaseng tao ang sinasagot ng Diyos?

“Sinasabi ng Diyos sa Mga Kawikaan 8:17, “Iniibig Ko silang sa Akin ay umiibig, at Ako’y natatagpuan ng humahanap sa Aking masigasig.” Sinasabi din ni Jesus sa Mateo 7:11, “Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit ang magbibigay ng mabubuting bagay sa mga humihiling sa Kanya?” Ipinangaral Niya ang tungkol sa Diyos na sumasagot. Anong klaseng tao ang sinasagot ng Diyos?”

## Ang mga katulad ni Abraham na may pananampalatayang hindi nagbabago

Perpekto ang pananampalataya ni Abraham, hindi siya nagbago sa pagtitiwala sa Diyos kaya wala siyang pag-aalinlangan sa Salita Niya ni hindi siya sumuway. Dahil naniniwala siya sa makapangyarihang Diyos na bumubuhay ng patay, agad siyang sumunod sa Kanya nang sabihin nitong ialay ang tanging anak niyang si Isaac bilang handog na susunugin (Sa Mga Hebreo 11:19). Kaya, itinatag siya ng Diyos bilang ama ng pananampalataya at binigyan siya ng lahat ng klase ng mga biyaya tulad ng mga anak, mabuting kalusugan, kayamanan, at katanyagan.

Maraming taong nagaalinlangan at sumusuway kapag hindi sang-ayon sa mga saloobin nila ang mga pangyayari, nagrereklamo sila. Kahit sinasabi nilang naniniwala sila, hindi sila makapagdesisyon, parang alon ng dagat na hinihipan at ipinapadpad ng hangin. Kaya sinasabi ng Biblia sa Santiago 1:6-8 na ang taong ito ay hindi dapat mag-akala na tatanggap siya ng anumang bagay mula sa Panginoon.

## Ang mga katulad ni Elias na taimtim kung manalangin

Si Elias ay isang propeta na nagpahayag ng kalooban ng Diyos noong panahon ni Ahab at Ahaziah sa hilagang bahagi ng Israel. Noong panahong iyon, nagdurusa ang bansa niya sa matinding tag-tuyot sa loob ng tatlo’t kalahating taon dahil sa pagsamba sa mga diyus-diyosan ni Haring Ahab at ng mga mamamayan. Masigasig siyang nanalangin at pinababa ang sagot ng Diyos na malakas na ulan (1 Mga Hari 18:42-45). Tumangis siya sa pananalangin, hanggang sa nagsikip ang sikmura niya, napayukod siya sa lupa at inilagay ang mukha niya sa pagitan ng mga tuhod niya.

Si Jacob ay nakipagbuno sa isang anghel na ipinadala ng Diyos sa tabi ng Ilog ng Jabbok hanggang sa mabali (malinsad) ang buto niya sa hita. Nagsumamo siya sa Diyos sa pananalangin. Pupuntahan si Jacob ng nakakatanda niyang kapatid na si Esau para patayin siya, may kasama itong 400 tauhan. Pero pinakiusapan si Esau ng Diyos na makipag-ayos kay Jacob. Nailigtas ang buhay ni Jacob at ng kanyang pamilya.

## Ang mga katulad ni David na naghahangad ng kalooban ng Diyos

Batang lalaki si David pero matapang siya at may pananampalataya. Sinabi niya kay Haring Saul na lalabanan niya ang Filisteong si Goliat, na napopoot sa hukbo ng Diyos (1 Samuel 17:32). Kahit walang armas, humarap siya kay Goliat na may dalang tirador at limang bato. Tinirador ni David si Goliat at nabuwal ito sa lupa. Ginamit niya ang tabak ni Goliat para patayin ito. Dahil dito, nakamit ng Israel ang malaking tagumpay.

Sa mga ganitong pagkakataon, kahit nahaharap tayo sa malaking problema na parang imposibleng magkaroon ng kasagutan kung may pananampalataya tayo katulad ng kay David, may solusyon ito. Sinabi ng Diyos kay David, “Natagpuan Ko si David na anak ni Jesse, na isang lalaking kinalulugdan ng Aking puso, na gagawa ng buong kalooban Ko” (Ang Mga Gawa 13:22). Tatanggapin natin ang kasagutan sa kahit na anong hilingin natin kung hahanapin natin ang kalooban ng Diyos.

## Ang mga katulad ni Cornelio na may takot sa Diyos at gumagawa ng kabutihan

Si Cornelio at ang buong pamilya niya ay may takot sa Diyos. Kahit siya ay Hentil at isang senturion na taga-Roma, nagbigay siya ng limos sa maraming Judio at palaging nananalangin (Ang Mga Gawa 10:1-2). Ang mga dalangin niya at ang pagkakawanggawa ay nakarating sa langit, biniyayaan siya ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapadala kay Pedro. Kaya siya, ang pamilya niya at mga kamag-anak, pati ang mga kaibigan niya ay tumanggap ng kaligtasan at ng Banal na Espiritu.

Tinatalakay sa Ang Mga Gawa 9 ang tungkol sa isang alagad sa Joppa na tinatawag na Tabita (Dorcas). Nang mamatay siya dahil sa karamdaman, hiniling ng ibang disipulo na puntahan ito ni Pedro. Pagdating ni Pedro, nag-iiyakan na ang mga balo, ipinakita nila ang mga balabal at mga damit na ginawa ni Dorcas habang nabubuhay siya. Dahil naantig ang damdamin ni Pedro, pinalabas niya ang lahat, lumuhod, at nanalangin. At sinabi niya sa bangkay, “Tabita, bumangon ka.” At kamangha-manghang ibinukas nito ang mga mata niya. Nang makita niya si Pedro, naupo siya. Dahil tapat sa mabubuting gawa at pagkakawanggawa si Tabita, naantig ang puso ng Diyos.

## Ang mga katulad ni Solomon na sumasamba sa Diyos sa espiritu at katotohanan

Pagkatapos ni Haring David, si Solomon ang naging hari ng Israel. Bago siya namuno, nag-alay siya sa Diyos ng 1,000 handog na sinunog nang buong puso. Hindi ito madaling gawin. Sa panahon ng Lumang Tipan, maraming dapat sundin tulad ng lugar, oras, kung anong iaalay, at paraan ng pag-aalay. Umakyat si Solomon sa tansong altar sa harapan ng PANGINOON na nasa tolda ng tipanan, doon siya nag-alay.

Nalugod ang Diyos kay Solomon, pinagpala Niya ito. Isang gabi, nagpakita ang Diyos kay Solomon sa panaginip. Sinabi Niya, “Hingin mo ang dapat Kong ibigay sa iyo.” Humiling siya ng karunungan para pamunuan ang mga mamamayan. Hindi siya humiling ng kayamanan at kaluwalhatian. Natuwa sa kanya ang Diyos, hindi lang karunungan ang ibinigay Niya dito, kundi pati kayamanan at kaluwalhatian. Ang mga handog sa panahon ng Lumang Tipan ay ang mga pagsamba sa kasalukuyang panahon. Kung mahal natin ang Diyos at sumasamba tayo sa Kanya sa espiritu at katotohanan, tatanggap din tayo ng mga kasagutan at mga biyaya.

## Ang mga katulad ni Jose na sumusunod sa katwiran ng Diyos

Nakatakdang ikasal si Jose kay Birheng Maria. Nabalitaan niyang naglilihi si Maria kahit hindi pa sila nagsisiping. Pinlano ni Jose na itakas ng palihim si Maria dahil kapag nalaman ito ng ibang tao, babatuhin ito hanggang sa mamatay. Ayon ito sa Batas noong panahong iyon. Dahil napakabuti at makatwiran ng kalooban ni Jose, nagpakita sa kanya ang anghel ng Panginoon upang ihatid ang mensahe ng Diyos, Mateo 1:19-23.

Kadalasan, ipinipilit ng mga tao kung anong inaakala nilang tama, gusto nilang sundin ng ibang tao ang opinyon nila. Iniisip nilang para makamit ang isang bagay, hindi na mahalagang mapanatili ang kapayapaan. Pero, kahit tama ang ginagawa ng taong ito, hindi malulugod sa kanya ang Diyos kung hindi siya mapagpayapa. Ang katwiran ng Diyos ay ang pagwaksi ng mga kasalanan na may mapitagang takot sa Kanya, isabuhay ang Salita Niya, at sumunod sa Kanya nang may pananampalataya.

*Mula sa unang kabanata ng ‘God of Answers’, – librong may pamagat na I Will Do It ni Dr. Jaerock Lee*

# "Umaapaw ang kaligayahan, salamat sa salita ng buhay at sa pagmamahal ng pastol"

Elder Enoch S. Lee
(47 tong gulang, 2-11 Parish, South Korea)



Isang araw, sinabi ng asawa ko na gusto niyang dumalo sa isasagawang pulong para sa muling pagsigla ng Manmin Central Church. Sa ibang simbahan pa kami dumadalo noong panahong iyon. Umalis siya ng bahay ng mga ika-6:00 ng gabi, para daluhan ang ika-limang dalawang linggong magkasunod na pulong na nagsimula noong Mayo 5, 1997. Sinabi niya sa akin na uuwi siya bago mag-hatinggabi. Hindi ko maunawan kung bakit ang isang pulong na nagsisimula ng ika-7:00 ng gabi ay tumatagal hanggang bago mag-hatinggabi.

Kaya noong ika-7:00 ng gabi, sumunod ako sa kanya, kasama ko ang anak naming 2 taong gulang. Pagdating namin doon, inihahatid ni Dr. Jaerock Lee ang mensaheng "God's Good Will" (Ang Mabuting Kalooban ng Diyos). Hinaplos ang damdamin ko ng sermon na nakabatay lang mismo sa Biblia. Nagmadali ako sa pag-uwi, pero nagtataka ako dahil pabalik-balik sa alaala ko ang mukha ni Dr. Lee. Nagtatrabaho ako sa isang pribadong paaralan noong panahong iyon. Inayos ko ang oras ko para makadalo ako sa pulong para sa muling pagsigla. Tumanggap ako ng maraming pagpapala, kaya nagbigay ako ng mga handog sa Diyos. Nang matapos na ang mga pulong, nagboluntaryo akong magtrabaho sa iglesya, gusto kong bayaran ang mga pagpapalang tinatanggap ko. Nagpupunta ako sa iglesya ng ika-8:00 tuwing umaga at sumasama sa mga lingkod ng iglesya sa paglilinis ng mga santuwaryo. Umuuwi ako ng mga ika-1:00 ng hapon. Pagkatapos, inihahanda ko ang mga ituturo ko para sa eskwelahan. Ganito ang ginawa ko sa loob ng tatlong buwan. Nagkaroon ako ng trabaho sa umaga kaya hindi ko na naipagpatuloy ang boluntaryong paglilingkod ko.

Samantala, nagsimula akong makinig sa mga sermon ni Dr. Lee nang paulit-ulit, habang papunta sa trabaho at tuwing pauwi. Kapag may mahalagang bagay na dapat tandaan, isinusulat ko ito. Kapag hindi ako nakakadalo sa pulong-panalanging Daniel dahil nagtuturo ako sa eskwelahan, pumupunta ako sa iglesya para manalangin kahit gabing-gabi na. Gustong-gusto kong pakinggan ang Salita ng Diyos, nakikinig ako kahit naliligo ako. Nagsimula rin ang pagtitiwala ko sa pastol, gusto kong pumunta sa santuwaryo. Gusto ko ring maglingkod sa Panginoon. Samantala, tinulungan ko si Elder Alvin Hwang sa pag-aaral ng Ingles sa seminaryo. Noong Agosto 1998, nakakita ako ng pagkakataong maglingkod bilang Levita (mga lingkod ng iglesya). Pagkatapos, noong taong 2004, inilipat ako sa Translation Bureau. Namamahala ako sa pagsasalin ng mga sermon ni Dr. Lee para maihatid ito sa buong mundo, napakasaya ko. Gayon pa man, nagsimula akong lumiban sa mga pulong-panalangin dahil tumuon ako sa trabaho ko, at hindi nagtagal, tinamad na akong manalangin.

Sa bandang huli, nawala sa akin ang kapuspusan ng Espiritu, inaantok ako sa mga pagsamba. Natutuhan ko ang Salita ng Diyos habang naglilingkod pero hindi ko nilinis ang puso ko sa pamamagitan nito. Ang katigasan ng ulo ko at pagiging agresibo ay nakasakit ng damdamin ng mga tao sa paligid ko, pinapaiyak ko sila. Hindi ko nakita kung gaano kasagwa ang ikinikilos ko sa santuwaryo. Inakala kong dapat kong sabihin sa kanila ang mga pagkukulang nila para maglingkod sila sa paraang inakala kong tama.

Noong Disyembre 25, 2010, binigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng Manmin para suriin ang pananampalataya nila sa maalab na daloy ng espiritu. Ibig sabihin, nakita namin ang pagmamahal sa amin ng Punong Pastor Dr. Lee na umako ng mga kasalanan namin nang buong puso at katawan niya. Nagsimula ko ring damhin ang pagmamahal niya at nagsisi ako dahil hindi ako sumunod sa kanya. Pinagsisihan ko na hindi ko nilinis ang puso ko kahit pinapakinggan ko ang Salita ng Diyos at kahit marami akong natutuhan bilang lingkod na Levita. Noong Disyembre 2013, dahil sa pagpapala ng Diyos at pagmamahal ng pastol, naging espirituwal ako.

Ngayong taong 2014, naglilingkod ako ng tapat bilang elder ng iglesya at tinutupad ko ang kalooban ng Diyos para sa pagwawakas ng panahon. Presidente ako ng samahan ng maliliit na grupo ng kalalakihan, at ako rin ang namamahala at direktor ng pagsasalin (Translation Bureau). Pinagpala din ng Diyos ang pamilya ko. Ang kaisa-isang anak kong babae na si Kap. Hanbin Lee, ay naging espirituwal na rin. Naglilingkod siya bilang bise-presidente ng ika-1 misyon ng mga kabataan. Ang asawa ko, si Diakonesa Jungryeol Hong, ay naglilingkod bilang guro ng Manmin Kindergarten at bilang bise-presidente ng samahan ng mga guro ng paaralang pang-Linggo ng mga bata. Lahat kami ay tumatakbo patungo sa Bagong Jerusalem. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na nagbigay sa akin ng tungkuling ibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan sa buong mundo at sa dakilang pag-ibig at pagpapala Niya.

Kap. Sophie Atieng (Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya)

# "Ang sanggol na lalaki na ipinagbubuntis ko ay naging babae dahil sa panalangin"

Ngayong taong 2014, magiging 27 taong gulang na ako. Naglilingkod ako bilang lider ng papuri sa Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya kung saan si Bishop Dr. Myongho Cheong ang nagpapastor. Noong Disyembre 2012, nagpakasal kami ni Kap. Sosthene.

Noong Abril 2013, nalaman kong nasa pampitong buwan na ang pagbubuntis ko. Noong Hunyo at Oktubre, sinabihan akong lalaki ang magiging anak ko, nakita ito sa mga pagsusuri. Noong ika-siyam na buwan, Disyembre 3, nakita ulit na lalaki ang magiging anak ko. Gayon pa man, gustung-gusto kong magkaroon ng anak na babae dahil siyam ang mga kapatid kong lalaki at iisa ang babae.

Noong Enero 5, 2014, inihatid ni Dr. Cheong ang mensaheng "Power of Re-creation" (Kapangyarihan ng Muling-paglikha). Ang kapangyarihang ito ay maaaring bumago o umiba ng mga bagay na nalikha na nang hindi nilalabag ang hustisya ng Diyos. Habang nakikinig ako sa mensahe, nakumbinsi akong mapapalitan ng babae ang anak ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Dr. Jaerock Lee na muling-paglikha.

Kaya nanalangin ako nang may pananampalataya sa magdamag na pagsamba sa araw ng Biyernes noong Enero 17, 2014. Tinanggap ko ang panalangin niyang naka-record sa palabas ng Manmin Magazine. Lubos akong naniwala na ang sanggol ko ay magiging babae. Kinabukasan, ganap na ika-11:00 ng umaga, ipinanganak ko ang babaing sanggol na maganda at malusog. May timbang itong 3.6 kg. Hallelujah!

Ang lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay ibinibigay ko sa Diyos na sumagot sa panalangin ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng muling-paglikha na lumalampas sa lugar at panahon.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714